Tulong pinansyal pangbili ng helmet para sa mga sumasakay ng bisekleta

～Ibibigay namin ang bahagi ng pinangbili ng helmet.～

Mula sa Oktubre ng taong 2021, kailangan nang magsuot ng helmet hangga't maari kapag sasakay ng bisekleta, bata man o matanda. Naging ordinansiya sa Prepektura ng Aichi.

【Mga sakop】

①Mga batang nasa 18 taong gulang lamang o pababa noong taon na ipinasa ang rehistro ng paninirahan sa Lungsod ng Anjo.
（Hindi kasama ang mga batang naging 19 taong gulang sa loob ng taong iyon. Ang tagapasa ng aplikasyon ay ang guardian (tagapag-bantay) o magulang.）
②Mga may edad ng 65 taong gulang o pataas noong taon na ipinasa ang rehistro ng paninirahan sa Lungsod ng Anjo.

【Helmet na sakop ng tulong pinansyal】

Bagong helmet na nabili noong ika-1 ng Abril, o mas huli pa (taong 2022) at may takda ng kaligtasan (SG・JCF・CE・GS・CPSC).

Bisitahin ang home page ng Lungsod ng Anjo para sa mga detalye

【Halaga ng tulong】

Presyo ng nabiling helmet × 1/2
（Hanggang 2,000 Yen、Hindi kasama ang mas mababa sa 10 Yen）
※Maari lamang magamit nang isang beses kada-tao na sakop ng tulong.

【Mga kailangang dokyumento】

①Tulong pinansiyal para sa pagbili ng helmet para sa mga sumasakay ng bisekleta sa Lungsod ng Anjo - Application form
②Dokyumento na mapapatanuyan ang nabayarang halaga (kagaya ng resibo,atbp.)
※Tanging ang mga bagay na nakasulat ang susunod na 5 bagay ang maari,
(1)Pangalan ng mag-aaplay o magsusuot ng helmet,(2)Halaga ng biniling helmet,(3)Petsa ng pagbili,(4)Pangalan ng produkto o Numerong seryal,
(5)NaPangalan ng tindahang pinagbilhan
③Dokyumento na makikita ang pagtanggap ng tanda ng kaligtasan
④Tulong pinansiyal para sa pagbili ng helmet para sa mga sumasakay ng bisekleta sa Lungsod ng Anjo - Application form
※Tanging sa account ng nag-aplay lamang ipapadala ang pera

【Proseso mula sa pag-aplay hanggang makuha ang tulong pinansiyal】

Bilihin lamang ang helment na sakop ng tulong pinansiyal.

Ipasa ang mga kailangang dokyumento sa sangay ng Kaligtasang pampubliko, sa Munisipyo ng Lungsod ng Anjo.
(Maari ding mag-aplay sa pamamagitan ngpapadala sa koreo.)

※Ipasa ang lahat ng kailangang dokyumento ng parehas na taon nang binili ang helmet.

Matatanggap ang tulong pinansiyal.



Tanggapan ng mga katanungan
Sangay ng Kaligtasang pampubliko ng Munisipyo ng Lungsod ng Anjo
Telepono：0566-71-2219
Araw ng tanggapan ay Lunes hanggang Biyernes 8：30～17：15
（Bukas ng buong taon maliban sa mga pampublikong pagdiriwang）